7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kwarter 2

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 2: Aralin 1 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

**Tagasuri:**

- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO, IKALAWANG KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong Pampanitikan (Tuluyan) sa Panahon ng Katutubo at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng brochure para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang- alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nasusuri ang tekstong ekspositori batay sa estruktura nito (sanhi at bunga, pagkakaiba at pagkakatulad, deskripsiyon, suliranin at solusyon, pagkakasunod sunod at proseso).<br>a. Natutukoy ang mga pangunahing bahagi ng tekstong ekspositori tulad ng sanhi at bunga, pagkakaiba at pagkakatulad, deskripsiyon, suliranin at solusyon, pagkakasunod-sunod, at proseso.<br>b. Naipapakita ang kakayahan na maunawaan at maipaliwanag ang ugnayan ng sanhi at bunga sa isang ekspositori na teksto.<br>c. Nakapagbahagi ng sariling mga obserbasyon at kritisismo batay sa pag-aaral ng estruktura ng tekstong ekspositori. |
| **D. Nilalaman** | Tekstong ekspositori batay sa estruktura nito (sanhi at bunga, pagkakaiba at pagkakatulad, deskripsiyon, suliranin at solusyon, pagkakasunod-sunod at proseso) |
| **E. Integrasyon** | Ebolusyon ng panulat (Panitikang pasalita at pasulat patunggong sulating teknikal sa kasalukuyan) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
| --- |
| Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.<br>Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.<br>Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8<br>Palis, Antonio (1992) "Nagbabangon ang mga Babaylan". https://www.youtube.com/watch?v=p4OZC51MBCY<br>*Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8.*<br>Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.<br>Villanueva, V. M. (2018). #*ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino*). VMV Publishing House. Makati: Bangkal. |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:<br><br>Hanapin sa Hanay B ang mga salitang inilalarawan sa Hanay A. Isulat ang sagot sa malinis na papel.<br>**Hanay A** / **Hanay B**<br>1. Uri ng panitikang itinatanghal sa entablado — A. Tanghalan<br>2. Ang lugar kung saan itatanghal ang dula. — B. Aktor<br>3. Ang nangangasiwa sa kabuoang pagtatanghal — C. Iskrip<br>4. Sila ang nagbibigay-buhay sa kuwento ng dula — D. Dula<br>5. Dito makikita ang mga diyalogo ng mga tauhan — E. Direktor<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa na may kinalaman sa mga tula sa Panahon ng Katutubo.<br><br>Susi ng Pagwawasto:<br>1. D<br>2. A<br>3. E<br>4. B<br>5. C |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Panoorin ang link ng bidyu https://www.youtube.com/watch?v=vt6P3xuX2u4<br>Pagkatapos ay talakayin ito sa klase gamit ang gabay na tanong.<br><br>Gabay na tanong:<br>1. Tungkol saan ang bidyu na pinanood?<br>2. Anong suliranin sa lipunan ang tinalakay?<br>3. Ano ang inyong naramdaman matapos mapanood ang bidyu?<br>4. Magbigay ng problema at solusyon na nakuha sa bidyu.<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Ipaliwanag ang denotasyon at konotasyong kahulugan ng sumusunod na salita at gamitin ito sa sariling pangungusap pagkatapos.<br>**1. hugis-mahirap**<br>Denotasyon: ____________________<br>Konotasyon: ____________________<br>Pangungusap: ____________________<br>**2. misteryo**<br>Denotasyon: ____________________<br>Konotasyon: ____________________<br>Pangungusap: ____________________<br>**3. kamalayan**<br>Denotasyon: ____________________<br>Konotasyon: ____________________<br>Pangungusap: ____________________<br>**4. mangahas**<br>Denotasyon: ____________________<br>Konotasyon: ____________________<br>Pangungusap: ____________________<br>**5. ilaw**<br>Denotasyon: ____________________<br>Konotasyon: ____________________<br>Pangungusap: ____________________ | Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag- aaral. Gamiting modelo ang gawaing inihanda.<br><br>Sa bahaging ito, mahalagang maipahayag ang kahalagahan kung bakit dapat pag-aralan ang paksa na may kinalaman sa akdang tuluyan sa Panahon ng Katutubo tulad ng alamat, pabula, at kuwentong posong.<br><br>Paghahawan ng balakid. Ang gawaing ito ay pwedeng gawing pangkatan para ang lahat ng mag-aaral ay may partisipasyon sa loob ng klase. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Ekspositori batay sa Estruktura**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**TANONG-SAGOT-UNAWA**<br>Bago ipabasa ang sanaysay, buksan ang link at pakinggan ang awit na "Nagbabangon ng mga Babaylan" ni Tony Palis sa https://www.youtube.com/watch?v=p4OZC51MBCY at sagutin ang mga sumusunod na tanong.<br>1. Sino ang Babaylan sa kasaysayan at sa kasalukuyan ang tinutukoy sa awitin?<br>2. Batay sa nabasang dula at napakinggang awitin ano ang pangunahing gampanin ng mga babaylan noon at ngayon?<br>3. Ano ang kahalagahan ng mga babaylan sa sinaunang panahon?<br>4. Paano binago ng panahon ang katangiang mayroon ang mga babaylan noon?<br>5. Ano ang pangunahing mensahe ng awitin sa mga tagapakinig?<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Babaylan: Sa Makabago at Pag-unlad ng Kasarian sa Kasalukuyan**<br>**Isinulat ni Mercy B. Abuloc**<br><br>Ang kasaysayan ng Pilipinas ay hugis-mahirap, puno ng kulay, at misteryo. Ngunit sa kabila ng mga pagbabago at hamon ng panahon, may mga katulad ng Babaylan na patuloy na naglilingkod bilang mga gabay at tagapagtaguyod ng pag-unlad at pagbabago sa usaping Gender and Development (GAD) sa kasalukuyang panahon.<br><br>Ang mga Babaylan ay sinaunang manggagamot, tagapamagitan sa espirituwalidad, at punong-guro sa kasarian. Sila ay may mahalagang papel hindi lamang sa pag-aalaga ng kalusugan ng mga katawan, kundi lalo na sa paglilinang ng kabatiran at kamalayan hinggil sa kahalagahan ng pag-unlad ng mga kababaihan at iba't ibang seksuwalidad.<br><br>Hindi lingid sa ating kaalaman na masyadong mababa ang pagtingin ng mga tao noon sa mga kababaihan. Batay sa sinaunang panahon, ang pangunahing gampanin ng mga kababaihan ay mag-alaga ng pamilya at gawin ang mga gawaing bahay. Hindi rin nabibigyan ng pagkakataon na makapag-aral ang mga kababaihan. | Tiyaking bago ipabasa ang halimbawang kuwento sa anyo ng pabula, muling magamit ang mga susing salita sa pag-uugnay sa konteksto ng bagong aralin. Sa ganitong paraan, mahalaga ang patnubay upang maiproseso ang iba't ibang palatandaan ng pag-unawa.<br><br>Mahalagang maghanda ng pamatnubay na iba't ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay.<br><br>**Karagdagang Kaalaman na maaring gamitin sa pagtalakay:**<br><br>Ang albularyo ay isang uri ng manggagamot na popular noong panahon ng ating mga ninuno. Gumagamit sila ng mga halamang gamot upang magsilbing lunas sa mga sakit at kadalasang hinahaluan ito ng bulong ng panalangin para sa gabay ng Diyos.<br>Maliban sa albularyo mayroon ding tinatawag na babaylan. Ang babaylan ay isang salitang katawagan para sa mga katutubong Pilipinong |

| | | |
|---|---|---|
| | Kung ating babalikan ang pre-colonial o panahon bago dumating ang mga mananakop, ang mga tribu ay may mga tinatawag na “binukot”. Ito ang mga kababaihang itinago at tinuturan ng mga oral at tradisyon. Bilang tagapag-alaga at tagapagpatuloy ng kultura at tradisyon, ang mga binukot ay sinasabing may kapangyarihan din sapagkat pinapalabas silá para kumanta, tumugtog ng mga katutubong instrumento at sumasayaw lalong-lalo na sa panahon ng tag- ani at sa panahon ng pagtanim at pinaniniwalaang ang pagkanta nilá ay nagbibigay ng sigla sa lupa upang maging mabunga ang mga pananim.<br><br>Ngunit, ang papel na ginampanan ng mga babaylan sa sinaunang panahon ay larawan na sadyang may malaking ambag ang naibigay ng mga kababaihan sa lipunan.<br><br>Sa kasalukuyang panahon, ang usaping GAD ay nagiging mas matibay at mas matitinding usapin. Ito ay isang seryosong hamon sa ating lipunan na naglalayong itaguyod ang pantay na pagtingin at pagkilala sa lahat ng kasarian. Dito pumapasok ang papel ng Babaylan bilang mga tagapagtaguyod ng pagkakapantay-pantay.<br><br>Sa pagtuturo ng mga konsepto hinggil sa GAD, ang mga Babaylan ay nagiging gabay sa pag-unlad ng kamalayan. Sila ang mga guro na naglalantad ng kasaysayan kultura, at karanasan ng mga kababaihan at iba't ibang kasarian. Ipinapakita nila ang halaga ng pag-unlad ng kabatiran bilang isang daan upang labanan ang diskriminasyon at pagmamalupit.<br><br>Isa rin sa mahalagang papel ng mga Babaylan ay ang pagiging tagapagtaguyod ng pisikal at emosyonal na kalusugan ng mga kababaihan. Sa pamamagitan ng kanilang mga kaalaman at kasanayan sa herbal medicine o mga halamang gamot at pag-aalaga ng katawan, sila ay nagbibigay ng alternatibong paraan ng pangangalaga sa kalusugan na may paggalang sa likas na kakayahan ng katawan.<br><br>Bukod dito, ang mga Babaylan ay nagbibigay-inspirasyon sa mga kababaihan at iba't ibang kasarian na mangahas at maging matapang sa paglaban sa diskriminasyon. Sila ay nagsisilbing mga modelo ng pagiging tapat sa sariling pagkakakilanlan at pagtanggap sa sariling pagkakaiba.<br><br>Sa ating kasalukuyang panahon, mas mahalaga kaysa kailanman ang papel ng mga Babaylan sa usaping GAD. Sila ay mga ilaw na nagbibigay-liwanag sa mga sulok | manggagamot (karamihan ay mga kababaihan) at pinuno ng pamayanan. Sa tradisyon ng mga Pilipino, isang taong may kakayahang gumamot ng kaluluwa at katawan ang mga babaylan; isang babaeng nagsisilbi sa pamayanan sa pamamagitan ng pagiging isang tagahilom ng mga mamamayan, tagapagtanggol ng karunungan at bilang pilosopo; isang babaeng nagbibigay ng katatagan sa estrukturang panlipunan ng komunidad; isang babaeng maaaring pumasok sa mundo ng mga espiritu o iba pang katayuan ng diwa at paglabas-masok ng walang sagabal sa mga mundong ito; isang babaeng may malawak na kaalaman sa pagpapagaling ng mga sakit.<br><br>Mahalagang maghanda ng pamatnubay na iba’t ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa |

| | | |
|---|---|---|
| | ng lipunan na minsan ay naisasantabi ang mga tinig at karanasan ng mga kababaihan at iba't ibang kasarian. Sa kanilang mga kamay at kaalaman, buhay ang pangarap ng mas pantay at mas makatarungang lipunan.<br><br>Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.<br><br>**SUSING-KAALAMAN**<br><br>**Tekstong Ekspositori.** Ang tekstong ekspositori ay isang tekstong nagbibigay ng kaalaman at nagbibigay- linaw sa mga katanungan tungkol sa isang paksa. Karaniwang makikita ito sa mga artikulo sa pahayagan, edukasyonal na aklat, instruction manuals, at iba pa. Ang estruktura ng tekstong ekspositori ay ang mga pagbibigay depinisyon, pagsusunod- sunod, paghahambing at pagkokontras, problema at solusyon, at sanhi at bunga.<br><br>Estruktura ng Tekstong Ekspositori<br>• Sanhi – Ito ay ang tawag sa dahilan kung bakit nangyari ang isang pangyayari.<br>• Bunga – Ito ay ang tawag sa resulta o epekto ng isang pangyayari.<br><br>Sanhi at Bunga<br><br>Ang sanhi ay isang ideya o pangyayari na humahantong sa isang epekto. Ang manunulat ay nagtatala ng isa o mahigpit pang sanhi at epekto ng pangyayari. Ayon kay Cabales (2017), ang mga pahayag na nagbibigay ng sanhi at bunga ay isang halimbawa ng diskursong naglalahad. Ipinapakita dito kung ano-ano ang mga dahilan ng isang pangyayari at kung ano-ano rin ang nagiging resulta nito.<br><br>Ang sanhi ay nagsasaad ng kadahilanan ng ga pangyayaring naganap at ang epekto ng pangyayaring ito ay tinatawag na resulta. Sa madaling sabi, may pinag-ugatan ang pangyayari at dahil dito ay nagkakaroon ng kasunod.<br><br>Hindi sa lahat ng pagkakataon ay nauuna ang sanhi kaysa sa bunga may mga salitang nagpapakita ng resulta bago ang dahilan.<br>Halimbawa ng mga salitang nagpapakita ng sanhi at bunga: | lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay. |

| SANHI | BUNGA |
|---|---|
| naging, kasi, palibhasa, sapagkat/pagkat, dahil/dahil sa/ dahilan sa, at kasi, ngunit at iba pa | tuloy, bunga nito, kaya, kaya naman, kung at kung kaya |

**Dagdag Kaalaman...**

Ang ebolusyon ng panulat mula sa panitikan patungo sa sulating teknikal ay maaaring isaalaysay bilang isang proseso ng pagbabago sa uri, layunin, at estilo ng pagsusulat. Ang mga yugto ng ebolusyon na ito ay maaaring mangyari sa indibiduwal o sa lipunan bilang kabuuan.

Narito ang ilang mga aspekto ng ebolusyon ng panulat mula sa panitikan patungo sa sulating teknikal:

**Paggamit ng Wika:** Sa panitikan, ang wika ay karaniwang gumagamit ng malalalim na makahulugang mga salita at mga tayutay upang magdulot ng emosyon at kahulugan. Sa sulating teknikal, ang wika ay nagiging mas opisyal at teknikal, at pangunahing layunin nito ay maghatid ng impormasyon nang malinaw at masusing paraan.

**Estilo ng Pagsusulat:** Sa panitikan, ang estilo ng pagsusulat ay maaaring maging malikhain at makulay at maaari itong mag-ukit ng mga imahinasyon at damdamin. Sa sulating teknikal, ang pagsusulat ay dapat na masistemiko, lohikal, at obhetibo. Ang mga pahayag ay kailangang malinaw at organisado.

**Layunin ng Pagsusulat:** Sa panitikan, ang pangunahing layunin ay maglahad ng mga kuwento, ideya, o damdamin. Sa sulating teknikal, ang pangunahing layunin ay magbigay impormasyon, magturo, o maglahad ng mga datos.

**Audience o Tagapakinig/Tagabasa:** Ang mga manunulat ng panitikan ay karaniwang naglalayong maglahad ng kanilang mga likha sa mga mambabasa na naghahanap ng karanasan sa pagbasa. Sa sulating teknikal, ang mga tagapakinig o tagabasa ay karaniwang naghahanap ng impormasyon o instruksiyon, at ang pagsusulat ay dapat ayon sa kanilang pangangailangan.

**Paggamit ng Teknikal na Bokabularyo:** Sa sulating teknikal, karaniwang ginagamit ang teknikal na bokabularyo na maaaring mahirap intindihin para sa mga hindi-eksperto sa isang larangan. Sa panitikan, ang bokabularyo ay mas maluwag at mas kaaya-aya sa mga karaniwang mambabasa.

**Estruktura at Organisasyon**: Sa sulating teknikal, karaniwang may sistematikong estruktura ang mga akda tulad ng abstrak, introduksiyon, metodolohiya, mga resulta, at konklusyon. Sa panitikan, ang estruktura ay maaaring mas malaya at maaaring mag-iba- iba depende sa uri ng akdang isinulat.

**Pag-asa ng Bibliograpiya**: Sa sulating teknikal, karaniwang kinakailangan ang pagsasama ng bibliograpiya o listahan ng mga pinagkunan ng impormasyon. Sa panitikan, ito ay hindi palaging kinakailangan.

**Pagsusuri at Rebyu**: Sa sulating teknikal, karaniwang may proseso ng peer review o pagsusuri ng iba pang mga eksperto bago ang publikasyon. Sa panitikan, ang paglalathala ay maaaring mas maluwag at hindi palaging kinakailangan ang ganitong uri ng pagsusuri.


Sa kabuoan, ang ebolusyon mula sa panitikan patungo sa sulating teknikal ay nagpapakita ng pagbabago sa uri, layunin, at estilo ng pagsusulat. Ito ay bunga ng pangangailangan ng iba't ibang larangan ng karunungan na magkaroon ng malinaw, sistematiko, at impormatibong pagsusulat para sa komunikasyon at pag-aaral ng mga impormasyon at konsepto.

**Ikatlong Araw**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**


**PABUOD AT PASAKLAW:** Gamit ang iba’t ibang grapikong pantulong, talakayin ang sumusunod na paksa sa tekstong binasa.

1. Ilarawan ang katangian ng babaylan batay sa tekstong nabasa.





Sa gawaing ito, mas mabuting ipagawa ito ng guro sa mga mag- aaral na pangkatan at ipagawa ang mga sumusunod na talakayan.

2. Paghambingin ang papel na ginampanan ng Babaylan noon at sa kasalukuyan maging ang kanilang pagkakatulad.




3. Magbigay ng mga pangyayari na nagpapakita ng dahilan at resulta sa tekstong binasa.



<table>
<tr>
<td></td>
<td>4. NOOD-SAYSAY: Buksan ang link ng bidyu at panoorin ang bidyu ng Huling Prinsesa ng I-WITNESS ni Kara David ukol sa Binukot.<br>https://www.youtube.com/watch?v=Jv1YtbWqmXo<br><br>Pagkatapos ay isaysay ang iyong kaisipan at damdamin sa pinanood sa pamamagitan ng pagdugtong ng mga pahayag na nasa ibaba.<br><br>Pagkatapos kong mapanood ang bidyu nalaman kong ________________________________. Dahil dito naramdaman kong __________________________________. Hindi ko lubos maisip na ________________________________________. Napagtanto kong ______________________. Sa huli, naisip kong __________________.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahat</td>
<td>Ikaapat na Araw<br>1. Pabaong Pagkatuto<br>Panuto: Bumuo ng isang pangungusap na nagpapakita ng sanhi at bunga batay sa mga situwasyong binigay.<br><br>1. maraming basura<br>Pahayag: ________________________________<br>2. matinding tagtuyot<br>Pahayag: ________________________________<br>3. pumasa sa pasulit<br>Pahayag: ________________________________<br>4. napagalitan ng magulang<br>Pahayag: ________________________________<br>5. nanalo sa paligsahan<br>Pahayag: ________________________________<br><br>2. Pagninilay sa Pagkatuto<br><br>BINTANA NG PAG-UNAWA: Punan ng sumusunod na pahayag ang bawat bintana ng pag-unawa.</td>
<td>Sa bagahing ito, maaaring magdagdag pa ang guro ng ilang mga gawain upang mas malinang ang kasanayang dapat matamo ng mag-aaral. Maaari ring baguhin ng guro ang gawain.<br><br>Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td>

**“Bintana ng Pag-unawa sa Buhay at Papel ng Babaylan sa Kasalukuyang Panahon”**

| REYALISASYON | INTEGRASYON |
|---|---|
| | |
| **EMOSYON** | **AKSYON** |
| | |

</td><td></td></tr>
</table>

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Basahin ang balita at kopyahin ito sa *activity notebook*. Salungguhitan at tukuyin ang mga pahayag na nagsasaad ng **sanhi at bunga.**<br><br>**Reporma sa edukasyon masasayang kung walang sapat na silid-aralan**<br>*Pilipino Star Ngayon / January 29, 2024*<br><br>MANILA, Philippines — Iginiit ni Department of Education Undersecretary Epimaco Densing III na mawawalan ng saysay ang mga reporma sa edukasyon sa bansa kahit pa mayroon tayong pinakamahusay na kurikulum at pinakamagaling na mga guro kung wala namang sapat na mga silid-aralan na angkop para sa pag-aaral.<br><br>Sinabi ni Usec. Densing, officer-in-charge para sa Schools Programs Management Office at Educational Facilities Division, na may kakulangan o backlog sa mga silid-aralan na umaabot sa 168,000 sa buong bansa.<br><br>Binigyang-diin niya na ang malaking kakulangang ito ay nakakaapekto sa hindi bababa sa 4-5 milyong mag-aaral sa buong bansa.<br>Salungat sa karaniwang paniniwala, mas nangangailangan ng mga dagdag na silid-aralan ang mga mataong lugar tulad ng Cebu City at Metro Manila kumpara sa mga rural na lugar.<br><br>Bago magbukas ang klase noong nakaraang taon, inamin ng *Department of Budget and Management* na walang sapat na pondo ang gobyerno sa kasalukuyang budget. Dahil sa problemang pinansyal sa pagkuha ng budget mula sa pambansang pondo | Sa bahaging ito ay tatayain ng guro ang natamong kaalaman ng guro. Ang binigay na pasulit ay modelo lamang, maaaring bumuo ng sariling pasulit ang guro o gawain upang masuri ang kaalamang natamo ng kaniyang mga mag-aaral. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">iminungkahi ni Densing ang pagtanggap ng tulong pinansyal mula sa mga pribadong organisasyon at mga dayuhang pamahalaan.<br><br>Sa kabila ng mga hamong ito, may positibo at optimistikong pananaw si Usec. Densing na sa takdang panahon, malulutas din ang problema sa kakulangan ng mga silid-aralan.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.<br><br>Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |